

Kahilingan para sa Mga Komento

Hulyo 14, 2025

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OSPISYAL / APCO

PAKSA: **Abiso para sa Pampublikong Pagdinig – Mga Iminumungkahing Susog sa Regulasyon 6: Particulate Matter, Tuntunin 3: Mga Kagamitan sa Pagsunog ng Kahoy at Regulasyon 5: Hayag na Pagsunog**

Maglalabas ang mga tauhan ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ng Abiso para sa Pampublikong Pagdinig at tatanggap ng mga komento sa mga iminumungkahing susog at Regulasyon 6: Particulate Matter, Tuntunin 3: Mga Kagamitan sa Pagsunog ng Kahoy (Tuntunin 6-3) at Regulasyon 5: Bukas na Pagsunog.

KALAGAYAN

Ang Woodsmoke ay patuloy na pangunahing pinagmumulan ng pinong dumi (PM_{2.5}) na polusyon sa Bay Area, na nag-aambag ng humigit-kumulang na 14 na porsyento ng mga taunang emisyon at 34 na porsyento ng mga emisyon sa taglamig. Noong Nobyembre 2024, inilathala ng Distrito ng Hangin ang [Woodsmoke White Paper](#), na tumukoy sa mga pagkukulang sa regulasyon at bumalangkas sa mga potensyal na opsyon sa patakaran. Upang maisulong ang pagbabawas ng mga emisyon mula sa nasusunog na kahoy at suportahan ang pagpapagaan ng panganib sa wildfire, ang mga kawani ay nagmumungkahi ng magkakaugnay na susog sa parehong Tuntunin 6-3 at Regulasyon 5. Ang Distrito ng Hangin ay nagsagawa ng mga pampublikong workshop sa mga iminumungkahing susog noong Hunyo 2 at 3, 2025.

MGA IMINUMUNGKAHING SUSOG

Binubuo ang mga susog para sa:

- **Regulasyon 6, Panuntunan 3: Mga Kagamitan para sa Pagsunog ng Kahoy (Tuntunin 6-3)** – Ibinababa ng iminumungkahing pagbabago sa karaniwang 24 na oras na PM_{2.5} na limitasyon sa pagtataya sa Mandatoryong Pagbabawal sa Pagsusunog (Spare the Air Alert [Alerto sa Pagligtas sa Hangin]) mula sa 35 papuntang 25 µg/m³, na nagpapalakas sa mga proteksyon para sa pampublikong kalusugan.
- **Regulasyon 5: Bukas na Pagsunog (Regulasyon 5)** – Palalawakin ng mga iminumungkahing pagbabago ang mga waiver sa bayad para sa mga itinatakdang pagsunog na isinasagawa ng mga non-profit na organisasyon at pribadong mayari ng lupa, na umaayon sa umiiral na walang kabayaran para sa mga pampublikong ahensya. Nilalayon ang iminumungkahing susog upang mapabuti ang kakayahang umangkop sa pagpapatakbo, mabawasan ang mga hadlang sa

pangangasiwa, at suportahan ang mga pagsisikap sa buong estado upang mabawasan ang panganib ng wildfire sa pamamagitan ng kontroladong pagsunog.

Ang **Mga Iminumungkahing Susog sa Tuntunin at Ulat ng Kawani** ay inilalathala para sa 30 araw na panahon ng pampublikong komento. Binabalangkas ng Ulat ng Kawani ang pagpapaliwanag para sa mga susog sa mga pangunang bersyon ng mga pagbabago sa tuntunin, konteksto ng regulasyon, mga talakayan sa mga inaasahang epekto ng mga susog sa mga pangunang bersyon ng mga pagbabago sa tuntunin, at sosyoekonomikong pagsusuri. Inaasahan ng mga kawani na mabubukod ang proyekto sa ilalim ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA) at plano nilang maghain ng Abiso ng Pagbubukod.

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Hinihingi ng Distrito ng Hangin ang feedback ng publiko sa **Mga Iminumungkahing Susog sa Tuntunin at Ulat ng Kawani** at isasaalang-alang nito ang lahat ng input na matatanggap sa loob ng panahon ng komento tungo sa karagdagang pag-unlad ng mga susog na ito. Kasunod ng panahon ng komento, tatasahin ng Distrito ng Hangin ang pangangailangan para sa mga pagbabago bago magpatuloy sa isang pampublikong pagdinig sa harap ng Lupon ng mga Direktor. Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin ang pagpapatibay ng mga iminumungkahing susog sa isang pampublikong pagdinig sa Oktubre 1, 2025.

Para sa mga kopya ng Mga Iminumungkahing Susog sa Tuntunin at Ulat ng Kawani, bisitahin ang <http://www.baaqmd.gov/ruledev> o hilingin ang mga ito mula sa Pagpapa-unlad ng Panuntunan (Rule Development) sa woodsmokerule@baaqmd.gov o (415) 749-4653.

Huling araw para sa mga pampublikong komento: Miyerkules, Agosto 13, 2025, sa 5:00 p.m.

Magsumite ng mga tanong o komento sa woodsmokerule@baaqmd.gov o sa pamamagitan ng koreo sa Rule Development, 375 Beale St., Suite 600, San Francisco, CA 94105.